

PROLOGUE

Oahu, Hawaii...

“Belle!”

Breathless si Dawn nang magpang-abot ng kaibigan at magyakapan. Kapwa nila hindi napansin ang nalaglag na purse ni Belle.

Tahimik na pinulot iyon ni Dean at matiyagang naghintay hanggang maghiwalay ang magkaibigan, na kapwa nagpapahid ng luha habang tumatawa. Saka pa lang niya iyon iniabot sa kapatid.

“Kuya!” Siya naman ang ikinulong ni Dawn sa isang mahigpit na yakap. “I’ve missed you so!”

“Hey, baby sis,” nasabi na lamang ng lalaki at gumanti sa bear hug ng bunsong kapatid. Nasulyapan niya ang nakangiting mukha ni Belle sa likuran ni Dawn.

“Na-miss ko kayong dalawa!” ulit ng huli habang nasa daan na sila patungo sa Ala Moana strip. Magkatabi ito at si Belle sa backseat. Ikinataas iyon ng kilay ni Dean dahil nagmukha siyang driver, pero wala siyang sinabi.

“You look stunning, Dawn, pero napakapayat mo!” ani Belle sa best friend habang hinahagod ng tingin ang kababata at sister-in-law. Mas lalong lumitaw ang Castillian features nito sa pagkabawas ng timbang. Lumabas nang husto ang cheekbones ng babae, mas naging kapansin-pansin ang matangos na ilong at ang deep-set na mga mata—facial features that Dawn shares with him and their brother.

Gustong mag-alala ni Belle para rito, pero pinalis niya ang isiping iyon nang makita kung paano naging energized ang kaibigan nang makita silang mag-asawa.

Napatingin si Dawn sa sarili. “Para kang si Mama! Did you know, nag-bunjee jumping kami ni Rafael sa Brazil!” Ang asawa nitong Argentinian doctor ang tinutukoy nito. “It was so exciting, dapat gawin n’yo rin iyong mag-asawa. Mukhang kulang kayo sa excitement, eh.” Non-stop ang chatter ng babae na nakapagpaalala kay Belle kung paano ito noong mga maliliit pa sila.

Napasulyap siya sa overhead mirror sa unahan. Nakatingin rin sa kanya si Dean, pero kagyat nitong ibinalik ang tingin sa daan.

“Nag-e-enjoy naman kami, Dawn. Kung magsalita ka, para kaming golden anniversary

couple na bored sa isa't isa," maagap na sabi niya. Magdadalawang taon pa lang silang kasal ni Dean.

"Oh, really?" May langkap na panunudyo ang tinig nito. "Sabagay, dapat nasa honeymoon stage pa lang kayo. Kumusta naman, may nabuo na ba kayo?"

Natawa si Belle upang pagtakpan ang awkwardness na nadama. Dawn had always managed to do that to her, ang patawanin at gulatin siya. Minsan ay naiinggit siya sa taglay nitong enthusiasm at daring attitude. Sa kanilang dalawa, siya ang tinagurian nitong 'chicken'. Laging ito ang humahamon sa kanya na gumawa ng mga bagay na bago o kakaiba.

"Alam mo, mas malala ka kay Mama," ani Belle. "Wala ka nang ibang inungkat kundi iyan at iyan. Tumatanda ka na yata?"

Umismid ang kaibigan. "Hindi ako tumatanda, I'm timeless."

Pinisil niya ang kamay nito, habang binibigyan ito ng ngiting nakareserba lamang sa mga taong espesyal sa kanyang puso. Totoo ang sinabi ni Dawn; she would forever be young. Di matatawaran ang taglay nitong *joie de vivre*. Ito pa lamang ang taong

nakita niyang laging may nakikitang kagandahan sa lahat ng tao at pangyayari sa buhay. Natutuwa ito sa kaliit-liitang bagay at walang joke na corny para sa babae. Madali itong mapatawa at malalim magmahal.

Hindi na siya nagsalita pa, bagkus ay ibinaling ang tingin sa labas ng bintana. Ayaw niyang humaba pa ang usapan ukol sa paksang iyon.

Nanatili namang tahimik lang si Dean sa driver's seat.

Umabot hanggang gabi ang pagkukuwentuhan ng magkaibigan. Maging si Dean na nangakong sasamahan sila ay sumuko rin pagpatak ng alas nueve ng gabi. May mga importateng tawag ito diumano na kailangang gawin bago magpahinga. Iniwan sila nito sa bar ng *Byron II*, ang hotel kung saan sila namamalagi para sa kanilang so-called honeymoon.

Hindi na rin umangal pa si Belle dahil ayaw niyang makahalata o makatunog man lang si Dawn. But the strain of pretending was taking a toll on her nerves. Buong araw niyang ginagawa iyon—ang magpanggap na maayos ang lahat sa kanilang mag-

asawa, they were a normal couple on their first year of married bliss. Kahit taliwas iyon sa katotohanan. Lamang ay di niya maaaring ipaalam iyon sa kaibigan. Kaya matapos ang isang oras ay nag-aya na rin siyang umakyat.

Nang marating ang palapag nila, sa halip na dumerecho sa sariling silid ay sumunod si Dawn kay Belle sa suite nilang ‘mag-asawa’. Naupo sila sa divan, suot pa rin ang outfit mula kaninang sinundo ang kaibigan sa airport. Ayaw niyang magtuloy sa silid upang magbihis dahil baka pati doon ay sumunod si Dawn. Malalaman nitong magkahiwalay sila ng kuwarto ng kuya nito. At magsisimula itong magtanong.

“Tinawagan ako ni Mama noong nasa Acapulco kami noong isang buwan.” Sa wakas ay nagsalita ang kaibigan. “She wants us to go home sa anniversary nila ni Papa.”

“Isang taon na rin ang lumipas simula nang umalis ka ng Calabria. Ni hindi pa nakakatapak roon si Rafael kaya siguro gusto siyang imbitahan doon ng Mama.” Calabria was their hometown. Doon sila kapwa lumaki at nagkaisip.

Humakbang si Dawn patungo sa bintana at pinagmasdan ang seaside avenue na puno ng ilaw at

mga turistang naglalakad. Nasa panglimang palapag sila ng hotel.

“I didn’t mean just us. Pati kayo ni Kuya Dean. Nami-miss niya tayong lahat, Belle. She may want you to think na okay lang siya, pero alam ko nalulungkot si Mama na silang dalawa na lang ni Daddy ang nakatira sa malaking bahay. Nagi-guilty nga ako na umalis ako kaagad matapos kaming makasal ni Raf, so soon after you left the country. Marami kasi kaming gustong gawin before... I mean, sa lalong madaling panahon.”

Natahimik si Belle. Regular siyang nakikipagpalitan ng emails at tawag sa mother-in-law, pero aaminin niyang napapabayaang na nga nila si Mama Aurora. Maraming rason doon. Wala siyang lakas upang harapin ang mapanuring tingin ng mga in-laws at ng sariling magulang. Mas nanaisin ni Dean ang lumayo dahil ayaw nitong ma-burden sa mga pagpapanggap. Mamatamisin pa nitong mapalayo sa pamilya kaysa umaktong isang mapagmahal na asawa sa kanya. A bitter smile crossed Belle’s face. Sa tindi ng pagkasuklam ni Dean, duda siya kung magkakapuwang pa ang pagmamahal sa puso nito para sa kanya.

“Alam ko, ayaw pa ni Kuya Dean na umuwi dahil

sa trabaho. Ako ang kakausap sa kanya. Stubborn talaga iyon minsan.”

Napatingin si Belle kay Dawn. Waring mind-reader ito. Nakatalikod pa rin ang kaibigan at nakatitig sa Hawaiian landscape. Muli, sinagilahan siya ng di maipaliwanag na pakiramdam habang nakatitig dito, kagaya ng nadama sa airport kanina. Parang premonition. Umiling siya upang itaboy ang mga morbid na iniisip. Siguro nga ay pagod na siya.

“Hindi, ako na,” aniya. “Gusto ko na rin namang umuwi at bisitahin si Mama.”

“Okay.” Luminga ito sa paligid. “Si Kuya?”

“Siguro’y nakatulugan na ang paperwork,” pagdadahilan ni Belle. “Nariyan lang siguro sa office niya. Gigisingin ko na lang para lumipat sa higaan.”

Napangiwi siya. Hindi siya sanay sa ganoon; sanay siyang walang itinatago rito simula pagkabata. Pero kapag nalaman ni Dawn ang sitwasyon niya ay baka kung ano ang gawin ng kaibigan.

“Okay, I can take a hint.” Dinampot nito ang purse. Hinalikan siya ng hipag sa pisngi kasama ang huling yakap. “Let’s have breakfast tomorrow. I’ll call for room service and I’ll give you a wake up call, okay?”

“I’d love that,” sang-ayon niya. “Kailan darating si Raf?”

Dumaan muna sa klinika nito sa US ang lalaki at pagkatapos ay tutulak na sa Pilipinas ang mag-asawa.

“Day after tomorrow.”

“Hatid na kita sa suite mo,” alok niya.

“No, Belle. Isang taon ang tanda ko sa ’yo, remember? I can take care of myself. Go check on that husband of yours and give him a goodnight kiss for me.”

Sinundan na lamang niya ng tingin ang papalayong kaibigan. Nang mawala ito sa corridor ay saka lang niya isinara ang pinto at humakbang na papunta sa kanyang silid. Hindi niya alam, nakabukas ang pinto sa silid ni Dean. Pinagmasdan din nito ang pagpasok niya sa bedroom. Isang buntong-hininga ang pinakawalan ng lalaki bago isinara nang tuluyan ang sarili nitong pinto.

Nakatitig si Belle sa likod ng asawa. Abala ito sa harap ng laptop sa dining room ng suite na ginawa nitong pansamantalang opisina. Gabi na noon at

naghahanda na siya upang matulog. Pero kailangan niya itong makausap muna. Nag-iipon siya ng lakas ng loob bago ito lapitan.

“A-are you busy?” She cursed herself for stammering.

Absent-minded na tumingala si Dean mula sa laptop nito. “Yes. What do you want?” abrupt nitong tanong.

“May importante akong sasabihin. Puwede ka bang makausap?”

Hinubad ni Dean ang salamin at sumandal sa upuan. Bahagya nitong kinusot ang mga mata, pagkatapos ay muling ipinokus ang tingin kay Belle.

Lihim siyang napasinghap sa ginawa nito.

He had always been able to do that—ang mapatigil ang paghinga niya sa pamamagitan lang ng isang titig. Sa lumipas na panahon, ganoon ang kanyang reaksyon sa simpleng tingin ng lalaki. She wondered if it would ever fade.

“Tungkol saan ba?” usisa pa nito.

“Gusto ni Mama na umuwi tayo sa birthday niya,” mabilis niyang sabi.

“Sino naman ang nagsabi sa ‘yo?” Kumunot-noo si Dean, kababakasan ng pagkayamot ang tono.

Napansin ni Belle ang paghagod nito sa sariling batok. Dean looked tired. Gusto niya itong sabihang magpahinga na. Kung normal silang mag-asawa, maglalambing ito na masahehin niya. At siya bilang ulirang maybahay ay buong-puso itong pagbibigyan. She was more than willing to take care of Dean. Kung hahayaan lang siya nito.

She sighed. Walang punto ang mangarap nang gising.

“Si Dawn,” sagot niya. “I think... I think we should visit. Kahit ilang linggo lang. Matagal na tayong hindi umuuwi.” Isang taon na ang nakalipas mula nang umalis sila ng Calabria. Kaninang umaga ang flight nina Dawn patungong Pilipinas matapos ang isang linggong pagliliwaliw sa Hawaii kasama sila.

“I don’t think that’s true. Hindi ugali ni Mama ang mang-disrupt ng mga buhay ng kanyang mga anak.”

“Hindi ako nagsisinungaling kung iyan ang gusto mong sabihin,” defensive niyang tugon. “Tanungin mo si Dawn kung hindi ka naniniwala sa akin.”

“This is just Dawn manipulating people to suit her whims. You should know better than to get carried away with her. Hindi pa tapos ang ipinunta ko rito sa Hawaii. Hindi ako basta-basta makakaalis kung kelan ko gusto. I have responsibilities, a job to do.”

Bumangon ang inis ni Belle. “Dawn is no schemer. Kapatid mo siya kaya dapat alam mo iyan.”

“I suppose you’re right. It takes one to know one, di ba?” Puno ng sarkasmo at pang-uuyam ang tinig nito.

Kagaya ng mga ibang pagkakataon, inignora niya iyon. Walang saysay na kontrahin ang lalaki dahil hindi siya nito pakikingan.

“Kung hindi mo nami-miss si Mama, kami ni Dawn ay oo. Kung ayaw mong umuwi, maiintindihan ko. Pero uuwi ako.”

“You’re not going anywhere unless I tell you so.” May pinalidad ang tono nito, tanda na hindi na ito tatanggap ng karagdagang argumento. Nagpainit iyon ng ulo ni Belle.

“Wala kang karapatang diktahan ako, Dean.”

“Wala ka ring karapatan noon, dear wife. But

you dictated my whole life for me without my permission. Kaya wala ka sa posisyon na isumbat ang isang bagay na ikaw ang nagsimula.”

Puno ng awtoridad ang boses ni Dean. Muli nitong isinuot ang salamin at humarap sa laptop. He was dismissing her just like that. Hindi na niya tinangkang agawin ang atensyon nito.

Sa privacy na dulot ng sariling silid, pinakawalan ni Belle ang emosyong tinitimpi. Isa-isang nagbagsakan ang luha niya. Akala niya ay naubos na iyon pero hindi pala. Sa bawat panibagong pambabalewala at masakit na salita, bumubuhos pa rin iyon.

Tumingin siya sa labas ng bintana, sa makukulay na tanawin sa tabing-dagat. Masaya ang lahat ng naroon. Magandang lugar ito kung saan dumarayo ang mga tao upang magsaya, kalimutan ang mga suliranin.

But there she was, five floors above everything, in a luxurious hotel, acutely lonely.

Ilang beses na niyang inisip na iwan na lang ang lahat—si Dean at ang lahat ng nauugnay rito. Magsimula nang panibago. Ang huwag nang isipin

ang sasabihin ng iba, kahit sarili niyang magulang at mga in-laws.

She loved Dean.

Mahal niya ito sa paraang hindi niya pa naramdaman sa kahit sinong nilalang sa mundo. At ikinatatakot niya iyon. It was the kind of love that could make her forget herself, her own feelings, her plans and principles. Batid niyang kaya niyang gawin ang lahat para rito. Kahit ang pilitin itong mahal din siya.

Pero naitanong niya sa sarili—mangyayari pa ba iyon? Masusuklian pa kaya ni Dean ang ganoong klase ng pagmamahal? Pagod na siyang magpanggap.

Napapagod din ang pusong magmahal. Hanggang kailan siya maghihintay na mahal din nito at pahalagahan?

1

Seven years ago...

Calabria was gorgeous during the summer. Para kay Belle, ang kanyang hometown ang pinakamagandang lugar sa Pilipinas. Sa peninsula nakapugad ang kanilang munting bayan kung kaya napapaligiran sila ng tubig sa lahat ng panig. Ang pinakadulong bahagi niyon ang lupaing pag-aari ng mga Guevarra, ang pamilya ni Dawn. Walong taon na ang nakakaraan nang lumipat sa Calabria ang mga ito upang tumira sa ancestral villa na nakatayo sa paanan ng burol.

Dati ay sa Manila nakatira ang mga ito pero nang atakehin sa puso ang patriarch na si Julio Antonio Guevarra, napagpasyahan nitong ilipat ang mag-anak sa probinsya. Lumuluwas na lamang ito kapag may board meetings at minimal na ang partisipasyon sa negosyong courier services at shipping. Binuhay nito ang lumang asyenda at tinamnan ng palay, mais, tubo at iba pa. On the same land ay nag-cultivate ng kakao na ginagawang tablea at mass-produced na rin para sa mga groceries sa Pilipinas. Bukod sa sakahan ay may munting rancho kung saan bini-

breed ang mga kabayo at baka.

Sa asyendang iyon nagtatrabaho ang tatay ni Belle bilang foreman ng sakahan. Ang kanyang inay naman ay nananahi pero madalas ay tumutulong ito sa asawa kapag panahon ng anihan. Nagluluto rin ito sa malaking bahay kapag may malalaking okasyon. Lumaki si Belle sa asyenda na kalaro ang mga anak ng mga Guevarra. Hindi na iba ang turing ng mga ito sa kanya. Lalong-lalo na si Dawn na halos kaedad niya.

Nang hapon na iyon ay masigla niyang nililinis ang dahon ng niyog upang gawing walis tingting. Sinamantala niya ang katahimikan sa paboritong tambayan—isa iyong gulod na napapaligiran ng mga namumungang puno at kawayang sumasayaw sa panghapong hangin. Mula roon ay tanaw ni Belle ang matinkad na asul ng dagat na parang sakop ng asyenda sa bandang silangan. She was humming to herself while working kung kaya hindi niya namalayan ang paglapit ng isang tao mula sa likuran.

“Dawn!” bulalas niya nang tumatawa nitong tinanggal ang mga kamay mula sa mata niya.

“Ano na naman ba ang sinisilip mo rian, ha?” Naupo ito sa nakausling ugat ng langka. Hindi nito

pinansin ang madudumihang shorts. Sa edad na seventeen ay matangkad si Dawn, bagay na namana nito sa mga magulang. Pati ang mga kuya nito ay malalaking bulas din.

“Wala. Tinatapos ko ito. Wala na kaming pangwalis, eh.”

“Tulungan na kita,” prisinta ni Dawn.

Hindi na niya ito pinigilan dahil batid niyang gagawin naman nito ang gusto kahit pigilan niya pa. “Akala ko ba, bukas pa ang uwi mo?” Incoming freshman ito sa kolehiyo samantalang siya ay katatapos lang ng third year sa high school.

“I changed my mind. Hindi ako makapaghintay na umuwi na. I missed this place. Isa pa, I was worried you’d find summer boring without me.”

Natawa si Belle. “Gan’un? May pasalubong ba ako?” ganting-biro niya rito sabay sulyap sa ibaba ng burol.

“Meron, pero kailangang magpunta ka sa bahay para kunin iyon.” Sinundan siya ng tingin ng kaibigan. “Ano ba’ng tinitingnan mo riyan?” Tumayo ito at sumilip sa pagitan ng mga puno. “There’s nothing there but cows and Kuya Dean. Pareho kayo n’un, weird ang pinagkakaabalahan.”

May kalakip bang panunudyo sa tinig nito? Or guilty lang siya? Ang totoo, pinili niyang doon pumwesto dahil naroon sa ibaba si Dean. Tumutulong ito sa branding ng mga baka. Pero ang pagkakaalam ni Dawn, ilag siya sa kuya nito. Mas malapit siya sa panganay ng mga Guevarra na si Daniel. Mabait ito at laging may oras para sa kanya, maski pa noong maliit siya.

Daniel James Guevarra was twenty-three at inumpisahan na nitong palitan ang ama sa kompanya sa Manila kaya hindi ito madalas sa asyenda. Si Dean naman ay nag-aaral pa ng abogasya at tuwing bakasyon lang umuuwi sa Calabria. Gaya ngayon.

Naaaliw siyang obserbahan ito mula sa malayo dahil hindi naman iyon magawa ni Belle sa malapitan. Hindi niya maituring na ka-close si Dean. Iba kasi ang ugali nito sa mga kapatid—may pagkaseryoso ito at loner.

“Come on, mamaya na natin tapusin ’to. Nasa tumana sina Kuya Dan kasama ang tatay mo.” Tumayo si Dawn. Tipikal para rito ang hindi mapirmi sa iisang gawain nang matagal. Kapag may maisipan ito ay kaagad ginagawa.

“Ha, eh, t-teka, itatabi ko lang ito.” Minadali niyang likumin ang nalinisang tingting.

“Akala ko ba nasa opisina n’yo sa Maynila si Kuya Daniel?” usisa ni Belle kay Dawn habang pababa na sila ng burol. Mula roon ay tatahakin nila ang dirt road patungo sa farm. Sa malawak na solar nakatanim ang mga mais at tubo. Kanugnog ng palayan ang malawak na kahabaan ng niyugan na pinagkukunan ng kopra.

“I thought so, too. Pero nang malaman niyang uuwi ako, sumama siya. Kahit hanggang sa weekend lang daw. Babalik rin kinalunesan. Ewan ko d’un, ayaw nga siyang pauwiin ni Dad pero mapilit, eh.”

Ilang minuto lang ang dumaan at natanaw na nila ang kubong ginawa upang maging pahingahan ng mga magsasaka. Naroon ang kanyang itay at tumutulong sa pagkumpuni ng nasirang thresher.

“Aba, ano’ng ginagawa n’yo rito?” tanong nito nang mamataan silang papalapit. Humalik si Belle sa pisngi nito samantalang nagmano naman si Dawn sa huli. “Kaawaan ka. Kakarating mo lang ba, Ineng?”

“Opo, Tatay Ben. Kumusta po kayo?”

“Mabuti. Nariyan rin ang Kuya Dan mo, tiningnan lang ang seedlings para sa taniman. Bakit ba kayo naglalakad sa init? Di ka man lang nagdala ng payong, Belle.”

“Sandali lang naman ang nilakad namin,” aniya.

“Siya, diyan lang kayo at magsisimula na ang paggawa ng pinipig. Alam ko iyon lang ang iniuwi nitong si Dawn,” biro ng kanyang tatay.

“Naku, kilalang-kilala n’yo po talaga ako,” nakangiting tugon ng best friend niya.

Nagtawanan ang ilang mga trabahador. Batid ni Belle na natutuwa ang mga ito kay Dawn. Walang bahid ng kaplastikan ang pakikitungo nito sa mga trabahante. Totoong magiliw ito sa lahat ng uri ng tao at di kakikitaan ng kahit katiting na ilang sa mga hindi nito kauri. Iyon ang rason kung bakit mahal na mahal niya ang kaibigan. Ni minsan ay hindi nito pinaramdam na iba ito sa kanya.

“Uminom muna kayo at napakainit.” May iniabot na basong may lamang tubig si Nanay Fely, ang nanay ni Belle. “Samahan mo na rin ako mamayang gabi sa malaking bahay, Belle. Magluluto ako.”

“Sige po,” aniya sa ina.

Pumalampak si Dawn. “Ayan! Doon na rin po kayo maghapunan. Belle, d’un ka matulog sa kuwarto ko.”

“Ha?” Nag-alinlangan siya sa panukala nito.

Huling sleepover niya sa mga Guevarra ay dalawang taon na ang nakakaraan. It wasn't exactly an uneventful night. Nagising siya sa gitna ng gabi na naghahanap ng banyo. Siguro ay disoriented siya, dahil nakalimutan niyang may sariling banyo ang silid ni Dawn at lumabas pa siya sa hallway upang maghanap ng CR. Dahil hindi niya alam kung nasaan ang mga switches ng ilaw, nangapa siya sa dilim. Ang inakala niyang banyo sa dulo ng pasilyo ay silid pala ni Dean. Walang kaabug-abog na binuksan niya ang pintong hindi naman nakakandado kaya tumambad sa kanya ang semi-hubad na katawan ng binata. Sapat na ang liwanag mula sa buwan na naglalagos sa bintana upang maaninag niya ang kabuuan nito sa kama. He wore only a pair of boxers. Waring naparalyze siya sa pintuan hanggang sa naalimpungatan ito at pupungas-pungas na bumangon.

“W-what are you doing here?” paos nitong tanong.

“Ah... S-sorry... Ano....” Hindi na niya tinapos ang sasabihin at kumaripas na ng takbo. Ano na lang ang iisipin nito? Na naninilip siya? Nakakahiya iyon kaya hindi pa man sumisikat ang araw kinabukasan ay umuwi na siya sa kanila. She couldn't meet Dean's eyes for months after the incident. Taksong nakapagkit sa isipan niya ang imahe ng halos hubad nitong katawan. Walang detalyeng nakalimutang

itago ang isip niya.

“You never sleep over anymore,” sumbat ni Dawn. “Two years ago pa ang huling sleepover natin.”

“Matanda na yata tayo para diyan, Dawn,” ani Belle. Parang hindi niya kaya ang isa na namang episode na hawig sa nangyari two years ago. For some reason, she had never been completely at ease around Dean.

“Walang matanda sa sleepover. Kapag gusto ko, tumatabi pa ako kina Mommy sa higaan,” anang kaibigan. Pumitas ito ng isang saging mula sa piling na nasa tabi.

“Ikaw. Baby of the family ka, eh.” Siya, kahit nag-iisa siyang anak ay maaga namang namulat sa responsibilidad. Katulong siya ng ina sa bahay at madalas naiiwang mag-isa dahil kapwa naghahanapbuhay ang mga ito.

“Baby damulag, more like,” anang isang boses mula sa kaliwa.

Kapwa sila napalingon doon. Ang panganay ng mga Guevarra ang papalapit. Nakangiti ito sa kanila. Matangkad si Daniel sa height na 5’10”, pero mas matangkad dito si Dean at 5’11”. Mas approachable

ito kaysa kay Dean kung kaya kagaya ni Dawn, kinagigiliwan din ito ng mga taga-Calabria.

“Hi, Belle. Kumusta?” anito nang makalapit. Ginulo nito ang buhok niya habang nakangiti. “Kinukulitkananamangbanshee, ano?” Hinilamusang nito ang mukha ni Dawn sa pamamagitan ng kamay.

“Kuya! Madumi ang kamay mo!” angal ng kaibigan at iniwas ang mukha mula rito.

Napangiti siya sa asaran ng magkapatid. She glanced at Daniel. Parang lagi itong nakangiti. Dinukot niya ang panyong laging dala mula sa bulsa ng shorts.

“Kuya Dan, pinapawisan ka.” Iniabot niya rito ang panyo.

“Uy, salamat.” Tinanggap ng lalaki ang panyo at tinuyo ang noong nangingintab na nga sa pawis. Pagkuwa’y inamuy-amoy pa iyon. “Mabango ito, ah. Gumagamit ka na ng pabango, Belle? Naku, sino ba’ng pinapabanguhan mo, ha?” tudyong nito sabay tingin sa kanyang tatay sa di-kalayuan. Naririnig nito ang pag-uusap nila.

“Di mo naitatanong, Daniel, problema namin iyan ng nanay niya. Walang kahit isang pobreng magtutuba ang pumapanhik ng ligaw riyan kay

Isabela. Aba’y n’ung kapanahunan namin, kapag ang babae ay tumuntong sa disisais, may namamanhikan na! Kaawa-awa nga ireng dalaga ko. Hindi pa nakakatanggap ni isang piraso ng santan mula sa isang manliligaw.”

Nalukot ang mukha ni Belle sa tinuran ng ama. Kahit batid niyang biro lang iyon ay nakakainis pa ring maging tampulan ng tukso.

“Naku, gan’un ba? Ilang taon na ba si Belle? Di ba, magtu-twenty ka na?” sakay ni Dan sa biro.

“Hindi pa ’noh!” Ganoon na lang ang simangot niya.

“Belle is just sixteen,” sabat ni Dawn na nagbabalat na naman ng panibagong saging.

“Umarangkada na naman ang unggoy,” puna ni Dan sa kapatid. Pagkatapos ay muling binalingan si Belle. “Sixteen, eh di, magpo-prom ka na niyan next year? May date ka na ba para doon?”

“Matagal pa iyon. Ayoko munang isipin.”

Umupo sa tabi ni Belle si Daniel. “Ako, sophomore pa lang, may tinatanong na ako na maging date sa prom. Gusto mo, ako na lang?”

Nabigla siya. “Seryoso ka, Kuya Dan?”

Tumawa ito, waring self-conscious. “Oo naman. Bakit, ayaw mo?”

“Eh, hindi ka naman high school student—”

“You are too old for a high school prom, Kuya. Mahiya ka nga!” sabat ni Dawn na nasa di-kalayuan at may inuusyusong kung ano.

“Kung maka-old ka naman d’yan,” sagot ni Daniel sa kapatid, pagkatapos ay tumingin kay Belle. “If no one asked you, sabihin mo sa akin. Pangako, kahit nasaan pa ako sa oras na ’yun, uuwi ako.”

Nang gabing iyon ay nagpunta si Belle sa malaking bahay kagaya ng utos ng kanyang ina at sa pangungulit na rin ni Dawn.

“What are you looking for?” pansin ni Dawn nang mahuli siyang iginagala ang paningin sa paligid.

“Ah—si Knight. Nasaan ba iyon?” Ang alagang border collie ni Dean ang tinutukoy niya. Ang totoo ay iyong amo nito ang talagang hinahanap niya. *Para maiwasan*, giit niya sa sarili. But her heart said different. Gusto lang talaga niya itong makita, period.

“Somewhere outside. Baka kasama ni Kuya Dean. Alam mo naman ang asong ’yun, sipsip sa

amo. Let's go to my room, I have something to show you." Hinila na siya ni Dawn paakyat sa pangalawang palapag ng villa.

Maluwang ang silid nito. Naron ang queen-sized na kama at ang dresser na naglalaman ng samu't saring paraphernalia na pampaganda. Ang closet ng kaibigan ang isa sa pinakamalaki at pinakamaraming magagandang laman na nakita ni Belle.

Ngayon nga ay binubuksan nito iyon. "Hindi na pala uso ang mga ito. Pero di ko pa naisusuot. Ano sa tingin mo, Belle, *ma cherie*?"

Hinagod ng kanyang tingin ang magagandang bagay na nakasabit sa hangers, ang mga kahon ng mga sapatos at slippers, ang mga handbags na nakabalot pa sa tissue papers.

"Inuuto mo ba ako? Mga bago pa ito. Kabibili mo lang nito."

"Oh, 'ayan ka na naman, eh. You are my sister. And sisters share everything. Kaya pumili ka na ng gusto mo."

"Alam mo, ang tinutukoy kong pasalabubong ay tsokolate o di kaya ay libro. Hindi itong isang truck ng mga damit. Sobra ito, Dawn." Naupo siya

sa kama nito.

“But this is what I want to give you! I bought them especially for you. Mas bagay sa ’yo ang mga iyan. Alam kong mahilig ka sa pastel prints. At summer naman kaya tamang-tama. Please, please, tanggapin mo na ito?” Lumapit si Dawn sa kaibigan at hinawakan siya sa kamay.

“Ipapabalik ni Nanay ang mga ’yan. Sasabihin n’un kung anu-ano ang hinihingi ko sa ’yo.” Kapag naglilinis ng closet si Dawn ay lagi siya nitong iniimbitahan sa malaking bahay. Halos lahat ng mga damit na pag-aari niya ay galing sa kababata. Lahat ng binibigay nito ay halos bago pa. Sinubukan na rin niyang tumanggi sa mga pinamimigay nito noon pa, ayon na rin sa utos ng kanyang ina. Baka raw sabihin ng mama ni Dawn ay inaabuso niya ang kabutihan ng kaibigan.

“I will tell Nanay Fely na ako ang nagkusang nagbigay. Sayang naman kung walang gagamit. Hindi ko size ang mga iyan.”

Napatingin si Belle sa kausap. Dawn was tall and athletic, almost 5’8”. Samantalang siya ay parang hindi na lalampas sa 5’4” ang taas. Balingkinitan din siya. Dawn’s shoulders were broader. Maputi ito, samantalang siya ay morena.

“Ang kulit mo talaga. Ito na ang huli ha,” pagpayag niya.

Pumalampak ito. “Ayan! Isukat mo na, I want to see if everything fits you. Try this.” Ibinigay nito sa kanya ang isang sheath dress na gawa sa diaphanous material kung kaya sa konting galaw niya ay sumusunod ang damit. Tube ang tabas nito kaya nahantad ang kanyang mga balikat at punong dibdib. The dress fluttered just above her knees. Kakulay nito halos ang kanyang kutis at may maliliit na dahong kulay dark brown na prints.

“Dawn, parang napaka-sexy naman nito.”

“Let me see!” excited na utos ng kaibigan. Nang lumabas siya ay tumili ito. “I knew it! Bagay sa ’yo! You look like a goddess! But take off your bra. Nakakasira sa effect ang pink straps ng bra mo.”

“Ha? Ayoko!” protesta niya.

“Don’t be silly, tayo lang ang nandito. Bilis na!”

Tinanggal nga ni Belle iyon sa pamimilit nito. Sinipat pa siya ng best friend mula ulo hanggang paa, animo isang designer na binibistahan ang sariling creation.

“Bibigyan kita ng strapless. With the right

makeup, you will look stunning. It's so funny, you look gorgeous without even trying. Samantalang ang mga kaklase ko, halos patayin na ang mga sarili sa gutom at exercise just to get a figure like yours. Oh, wait! May bracelet si Mama na babagay ryan. I'll get it."

Tinangka niya itong pigilan. "Huwag na, Dawn. Saan ko naman kasi ito isusuot? Baka atakehin ang nanay ko kapag nakita niya ito sa akin."

"Magkokolehiyo ka na. You'll need dresses like that when you're in Manila. Huwag mo munang hubarin iyan, I'll be back." Tumakbo na ito palabas.

Nailing man ay natutuwa rin si Belle. Tinungo niya ang full-length vanity mirror sa silid ni Dawn at sinipat ang sarili. Nagulat siya sa nakita. Halos di niya makilala ang babaeng nakatitig sa kanya sa salamin. Parang hindi siya iyon. The dress showed off her feminine curves.

Bigla ay nakarinig siya ng isang mabilis na katok sabay ang pagbukas ng pintuan.

"Dawn?" anang boses.

Belle froze. Huli na upang magkubli sa likod ng mga panels.

Si Dean!

Mukhang nagulat din ito nang siya ang mapagbuksan. He stared at her, his eyes taking in everything: mula sa kanyang mga paang walang sapin, sa buhok niyang nakalugay, sa bahagyang makeup na nilagay ni Dawn kanina.

Ilang minuto silang nanatiling nagtititigan. Naunang magbawi ng tingin si Dean.

“I...” Tumikhim ito. “Si Dawn?”

“L-lumabas lang sandali.” Pagkatapos noon ay wala na siyang makapang sabihin.

Napansin niyang nakatingin na naman ito sa kanya. Na-conscious siya sa sarili.

“You look different. May pupuntahan ba kayo ni Dawn?” pagkuwa’y tanong nito. Napansin niya ang ayos ng lalaki. Plaid shirt, faded jeans at black boots na maputik. Bahagya nang natuyo ang pawis nito sa noo. It didn’t detract from his rugged handsomeness. He exuded such an aura of maleness na nakakatakot sa isang tulad niya.

Naisip na naman ni Belle ang pagkakaiba nito kay Daniel. Where Daniel looked friendly, Dean looked dangerous. Parang anumang oras ay maaari

siya nitong buhatin at ihagis kung saan. Or something worse. Like touch her.

Ipinilig niya ang ulo para itaboy ang imaheng iyon. Nasisiraan na yata siya ng bait. Bakit may ganoon pa siyang naiisip?

“Pinasukat lang sa akin ni Dawn...” She trailed off.

Saka lang niya naalalang wala siyang bra sa ilalim ng bestida! Wala sa sariling pinagkrus niya ang mga bisig sa harap ng dibdib.

Dean was still looking at her. “What’s the matter? Scared?” tanong nito.

Umiling siya. “H-hindi. Wala.” Nahiling niyang sana ay umalis na ito. Every pore, every nerve ending in her body was acutely aware of him. Kakatwang dalawang bagay ang nagpapaligsahan sa diwa ni Belle—ang kagustuhang maging malapit kay Dean, kasabay ang kagustuhang mapalayo rito. Nababaliw na nga talaga siya.

“My room is at the end of the hall. Next time you get lost,” may bahagyang ngisi ang sabi nito.

Nag-init ang mga pisngi ni Belle. Nakuha niya agad ang tinutukoy nito. “Naghahanap ako ng

banyo. Akala ko, iyong kuwarto mo ang—”

“May bathroom dito sa room ni Dawn.” Sumandig pa ito sa hamba ng pinto, lazily watching her. Parang nag-e-enjoy pa ito na makita siyang ninenerbyos. He seemed to know his effect on her.

“Alam ko iyon. Pero nakalimutan ko,” mahina niyang sabi. Kahit sa sariling pandinig, parang manipis ang rason na iyon.

“And so you wandered in the middle of the night to my room.” Nakataas ang isang kilay ng lalaki.

“Iyon ang totoo. P-pasensya ka na sa nangyari. Hindi ko iyon sinasadya.”

“Mind you, hindi gabi-gabi na nagigising ako na may isang babaeng naka-underwear na tumititig sa akin habang natutulog. It was quite unforgettable.” He had a devilish grin on his face.

Bago pa siya nakaisip ng maisasagot ay pumasok si Dawn, dala ang isang jewelry case at isang tray ng merienda.

“What are you doing here, Kuya? You’re filthy! Doon ka nga,” taboy nito sa kapatid.

“Nililinis namin ni Kuya Gerry ang loft ng barn,” ani Dean. “Naroon ang mga lumang gamit

mo. Tingnan mo kung mayroon kang gustong i-save kundi susunugin namin.” With a last glance at Belle, he left the room.

“Shoot, I have to get down there,” bulalas ng kaibigan habang nilalapag ang mga dala. “O, ba’t parang nakakita ka ng multo ryan? Na-bully ka na naman ba ni Kuya Dean?”

2

Napatunayan ni Belle kung gaano katibay ang salita ni Daniel sa sumunod na taon. Isang linggo bago ang prom ay nasa kanila ulit ito, tinatanong siya tungkol sa kanyang escort.

“Baka maabala ka pa, Kuya Daniel,” aniya nang personal nitong ihatid ang sapatos na gagamitin niya. Hindi ito pumayag na hindi niya tanggapin ang binigay nito.

“I wanna do this. You deserve a wonderful night dahil minsan lang naman dumaan ang high school. Gusto kong maging memorable iyon para sa 'yo.”

“Ano pa nga ba'ng magagawa ko, eh, pinagtutulungan n'yo na ako?” nakatawa niyang sagot. In-encourage din siya ng nanay at tatay niya tungkol doon. Katwiran ng mga ito ay minsan lang naman.

Biglang sumeryoso ang ekspresyon sa mukha ni Daniel. “Twenty-four pa lang naman ako. Masyado na ba 'yong matanda para sa 'yo?”

Doon siya bahagyang natigilan. May nahimigan siya sa tono nito. Isang bagay na ni ayaw niyang

bigyan ng puwang na maisip man lang. She covered it up with a nervous laugh.

“Nahihiya lang ako na madamay ka pa sa maliit na bagay tulad nito. Siyempre hindi ka matanda, Kuya Daniel. Bata ka pang tingnan at pogi pa. Sigurado akong maraming babae ang nagkakandarapa sa ’yo.”

Ikiniling nito ang ulo habang nakatingin sa kanya nang mataimtim. “That might be true pero wala akong panahon sa kanila. Nakita ko na ang gusto ko.”

Naasiwa siya sa klase ng titig nito kaya ibinaba ni Belle ang tingin. Hindi na siya paslit upang ma-miss ang ibig nitong sabihin. Hindi man tahasang inamin, pero pinaramdam nito sa kanya ang intensyon.

“So, it’s set then? Sunduin kita dito sa araw ng prom n’yo?” paniniyak nito pagdaka.

Isang tango lang ang binigay niya rito. Hindi siya sigurado kung makakapagsalita pa siya.

Kinagabihan ay matagal bago siya dinalaw ng antok. Pinuno ng samu’t saring isipin ang lito niyang utak. Sa simula pa lang ay malapit na siya kay Daniel. Kapatid ang turing niya rito. Like Dawn, Daniel possessed a generous nature na bihirang taglayin ng isang lumaking mayaman. Hindi ito marunong

magtanim ng sama ng loob o mag-isip ng masama kahit kanino. Higit sa lahat, hindi ito tumitingin sa estado ng tao. May mabuti itong kalooban. Patunay niyon ang pagmamahal at paghanga ng mga tauhan ng pamilya nito. Mula pagkabata, inilagay na niya sa pedestal ang kanyang Kuya Daniel. He was second only to her father in her heart.

She was eight when her parents started working for the Guevarras. Batang-bata pa siya noon samantalang kinse si Daniel, at onse si Dean. Ni hindi sumagi sa isip niya ang iba pang damdamin higit sa tinging-kapatid para kay Daniel. She couldn't imagine being in love with him!

But Dean was different. Si Dean... Bakit ba ito ang lagi niyang iniisip?

Noong bata siya ay ilag siya kay Dean. Mukhang naiirita ito kapag pinapasali siya ni Daniel sa laro ng mga ito. Kaya natuto siyang iwasan ang binata. Naiilang siya kapag nakakasama ito. But as she matured, ang panginigilag niya para rito ay napalitan ng kuryosidad, even fascination. Madalas niya itong nakikitang mag-isang nangangabayo at tumatambay malapit sa bangin, nakatitig sa dagat. Mahilig itong magbasa at madalas ay iyon ang mas gusto nitong gawin kaysa makipaglaro sa kanila. Kumpara sa

mga kapatid na likas na outgoing, Dean was aloof and distant. Dahil doon, pormal kung pakitunguhan ito ng mga tauhan sa villa. Hindi ito matapobre o tahasang nagsusungit, but his demeanour invited no familiarity na malayang nagagawa ng mga tao kina Dawn at Daniel. At iyon ang pumupukaw sa imahinasyon ni Belle.

Was he as taciturn as he seemed? Ano ba ang iniisip nito?

Dumating ang puntong mas inaabangan niya ang pag-uwi nito mula sa Maynila, higit kaysa kay Dawn o kay Daniel. It came to a point na nami-miss na niya ang binata. Natagpuan na lamang niya ang sariling hinahanap ang pamilyar nitong pigurang gumagalaw sa rancho, nangangabayo o minamaneho ang traktora ng farm. She found herself dreaming of him; of the day when he would finally say hi. To be given one of his rare smiles. O kahit isang sulyap lang. Pero hanggang ngayon, hindi pa niya iyon nararanasan.

Now she concluded, more than ever, na hindi niya gusto si Daniel. At hindi lang dahil sa agwat ng kanilang edad. Hindi niya ito gusto dahil si Dean ang umuukopa sa kanyang kamalayan. Ngayon niya lang iyon inamin sa sarili. For some strange,

unexplainable reason, she was drawn to Dean Jacob Guevarra. At dahil doon kaya hindi magkakapuwang ang ibang lalaki sa kanyang damdamin.

Nahulog mula sa sinasakyang kabayo si Daniel habang ginigiya ang mga baka pabalik sa kural, at na-dislocate ang balikat nito. Isang araw iyon bago ang prom ni Belle.

“He’s okay, but he’s going to have to stay off his feet for a couple of days at least,” balita ni Dawn nang bumaba ito sa verandah. Doon siya naghintay nang mapasugod sa villa matapos mabalitaan mula sa ama ang nangyari. Na-guilty siya sa mga naisip nang nakaraang gabi. Siguro ay nagmamalasakit lang ito sa kanya at pinuprotektahan siya gaya ng dati. Kung anu-ano pa kasi ang iniisip niya sa pagmamagandang-loob ng binata.

“Sigurado kang iyon lang ang nangyari? Hindi siya nabalian?” nag-aalalang tanong ni Belle kay Dawn.

“Yeah. He’s going to be okay. Actually, napahiya lang siya sa mga tauhan. Ang clumsy kasi.” Tumawa nang kaunti si Dawn.

“You worry like you’re his girlfriend,” anang

bores sa likuran ng kaibigan. Lumabas sa verandah si Dean, wearing his farm clothes. Nakapamulsa ang mga kamay nito sa maong at nakahilig sa door frame. Sa kanya ito nakatingin. Kanina pa ba ito roon?

“Kuya, how many times do we have to tell you na huwag ipasok ang boots sa loob?” exasperated na puna ni Dawn. Tumindig ito. “Now, I have to get this cleaned up again!”

Nang maiwan sila sa verandah ay mistulang naputulan ng dila si Belle. Hindi niya malaman kung saan isusuling ang paningin.

“Don’t worry about your prom. I’m taking you there.”

Gulat siyang napatingin dito. Seryoso ba ito?

“I know I’m a poor substitute, pero di mo naman mapipwersa si Kuya Dan na bumangon, magsuot ng tux at isayaw ka.” May halong sarkasmo ang tinig ng binata.

“H-hindi sa ganoon. Hindi naman importante ang prom. Mas mahalagang gumaling si Kuya Daniel. Hindi mo na ito kailangang gawin. Ayokong makaabala.”

“Wow, such devotion,” puna ni Dean. “Anyway,

ayaw niyang sirain ang pangako niya sa 'yo. So one of us has to take you. And I'm the one without a dislocated shoulder.”

Muli niya itong tiningnan. Non-committal ang kaharap; na parang isang obligasyon lang si Belle na kailangang pangatawanan. The thought hurt her a little.

Tumuwid siya ng upo. Kung ganoon ang tingin nito sa kanya, ganoon na rin ang iisipin niya sa gabing makakasama ito—isang bagay na kailangang gawin para matapos lang.

“Salamat.”

“Seven ang start, di ba? Sunduin kita sa inyo mamayang six. Be ready.” Iyon lang at iniwan na rin siya ng binata.

“Anak, maupo ka nga rito at ako’y nahihilo na sa kakaikot mo riyan,” tawag ng tatay ni Belle mula sa ibaba. Nasa balkonahe nila ang huli at nagpapahinga matapos ang hapunan.

“Masisira ang damit mo niyan eh,” anang nanay niya. Ito ang tumulong sa kanya na mag-ayos.

It was quarter to six. Dahil si Dean ang susundo

sa kanya, she didn't dare be late. Baka pagsupladuhan siya nito kapag pinaghintay niya.

Sinipat niyang muli ang sarili sa salamin. Light pink ang bestida niyang tinahi ng kanyang inay. It was a long dress with a scalloped neckline. Kumpara sa mga babaeng kakilala ni Dean sa Maynila, siguro ay mukha siyang probinsyanang baduy. Hindi rin naman niya alam ang tamang pag-aayos ng buhok kaya hinayaan na lang niyang nakalugay iyon. Ang sapatos na bigay ni Daniel ay bago kaya masikip pa. Sigurado siyang magpapaltos ang mga paa niya bago matapos ang gabi. Bakit kasi pumayag pa siya sa ganito?

Napukaw siya mula sa pag-iisip nang marinig ang ugong ng sasakyan sa harap.

“Anak, narine na si Dean,” tawag ng kanyang inay. “Bumaba ka na rian.”

Dinampot niya ang maliit na purse at dagling bumaba. Kung anu-anong bilin ang kailangan niyang pakinggan bago tuluyang lumabas ng balkonahe kung saan kausap ni Dean ang tatay niya.

Napalingon ito sa kanila nang marinig ang kanyang paglabas. She almost caught her breath. Dean was clad in a formal suit coat over a white

shirt, minus a tie. Itim din ang sapatos nito. His hair was combed back neatly. Nagmukha itong mas matangkad pa dahil sa suot. He had an easy elegance about him.

“Magandang gabi, Nanay Fely. Belle.” Nginitian nito ang inay niya at tinanguan siya.

“Magandang gabi naman, Dean. Maraming salamat sa ’yo sa pagsundo sa dalaga namin. Pasensya ka na sa abala, Hijo,” anang kanyang inay.

“Hindi ho abala, Nanay Fely,” sagot ng binata. “Ihahatid ko po siya bago mag-alas onse.”

Matapos ang paalamanan ay nakasakay na siya sa itim na *Ford Ranger* na dala ni Dean.

“That’s for you.” May ipinatong itong kahon sa kanyang kandungan.

Pinulot niya iyon. It was a corsage of white and violet orchids. Mukhang mahal iyon at maganda ang pagkakaayos. “T-thank you.”

“Smile, you’re going to a party,” sagot nito habang tinatahak nila ang dirt road na patungo sa national highway. Mula roon ay sampung minuto pa bago marating ang poblacion.

Wala siyang ibang maisip sabihin kundi *‘Thank*

you' kaya hindi na lang siya nagsalita. The car was filled with Dean's scent. Amoy-pabangong mamahalin iyon.

Napasulyap siyang muli rito. He looked sophisticated, gorgeous. Parang out-of-place ito sa isang high school prom sa isang munting bayan, kahit pa sa private school iyon.

“Satisfied?” Bigla nitong ipinukol ang tingin sa kanya; huling-huli ang pagtitig niya. “Do I look good enough to replace Kuya Dan?”

Tinago ni Belle ang pagkaasiwa at sa labas ng bintana tumingin. Nang makarating sila sa parking lot ng auditorium ay maingat nitong ipinarada ang *Ranger* at pinagbuksan pa siya ng pinto. Kahit alam niyang mumurahin at wala sa moda ang damit, pakiramdam niya ay isa siyang prinsesa. For once, Dean wasn't being moody or aloof. Binigyan niya ng pagkakataon ang sarili na ma-enjoy ang gabing iyon. It didn't matter why he was with her. Ang mahalaga, kasama niya ito. Minsan lang iyong mangyari kaya walang masama kung nanamnamin niya ang bawat minuto niyon. Umagapay ang binata sa paglakad niya, pero biglang huminto.

“You're supposed to wear this, you know.” Kinuha nito sa kanya ang kahon ng corsage at

marahang isinuot iyon sa kanyang pupulsuhan. She was jolted aware when his deft fingers touched her skin. Napatingin siya rito. “There. Lovely,” anito, sa kanya nakatitig.

“Salamat,” bulong ng dalaga. Hindi niya kayang makipagtitigan dito. Her eyes might give something away.

“Tama nga si Dawn. Wala kang alam sabihin kundi ‘salamat’. I hope you’ll say a few other words before the night’s over,” puna ni Dean. Was he teasing? Bago iyon, ah.

Parang pangarap ang buong gabing iyon. Siyempre pa ay kapareha niya si Dean sa maraming sayaw. Ipinakilala niya ito sa mga kaklase at mga guro. To her utter amazement, nag-iba ang aura ng kasama. He was charming, polite, and attentive. Siguro nga ay natural na itong may magnetic personality at lumulutang iyon kapag kaharap nito ang ibang tao. At gaya ng pangako nito, bago mag-alas onse ay iniuwi na siya ng lalaki.

“May nanliligaw ba sa ’yo sa mga kaklase mo?” biglang tanong nito habang nasa daan sila.

“W-wala,” tanggi ni Belle. “Bakit mo naman naitanong?”

“Someone looked at me like he was going to punch me. Someone named Rainier.” Tinitigan siya nito.

Umiling siya. “Noong unang taon pa iyon. Magkaibigan lang kami.”

Ito naman ang umiling. “Sigurado ka? How about Anthony?”

Napamaang siya rito. “Tinandaan mo ba ang pangalan ng lahat ng kaklase ko?”

“Nope. Only those that looked at me like I’m competition,” sagot ni Dean. “Tell me, interesado ka ba kahit isa sa mga iyon?”

Ganoon na lang ang iling niya. “Wala! Hindi ko pa iniisip iyan.”

Tumingin ito sa kanya na parang inaarok ang totoo niyang damdamin. Nagbawi siya ng paningin.

“Nobody? No crushes? Parang hindi ako naniniwala.”

Sinulyapan niya ito. Tuwid ang tingin ng lalaki sa daan, but a small, mysterious smile was on his lips. Ano ang ibig nitong sabihin?

“Wala akong magagawa kung ayaw mong

maniwala.”

Hindi na ito muling nagsalita hanggang maihatid siya sa kanila. Muli ay pinagbuksan siya nito ng pinto. “There you are, *Cinderella*. Back before midnight, in one piece. Siguro naman hindi na ako masusumbatan ni Kuya Dan nito. Nag-enjoy ka ba?”

Nalilito man ay tumango si Belle. “Salamat para dito.” Ano ang kinalaman ni Daniel sa lahat?

Sandali siya nitong tinitigan. “You’re getting prettier everyday. No wonder. If I weren’t just a proxy date, you’d be getting a goodnight kiss to complete your prom night. Pero dahil naatasan lang akong bantayan ka, I guess I can’t do that. Unless you want me to?” Nanunukso ang mga mata ni Dean, nakataas ang isang kilay.

Natigilan siya. Hahalikan siya nito?

Marahan itong natawa. “Don’t look so alarmed. Pumasok ka na sa loob. Tell Kuya Daniel I was very good.”

Iyon lang at bumalik na muli ang binata sa loob ng kotse. Hinabol niya ng tingin ang papalayong sasakyan, feeling as if she should have done something. Said something.

3

“Congrats, *ma cherie!*”

Pagkababa ni Belle mula sa bus ay sinalubong agad siya ng yakap at halik sa pisngi ni Dawn.

“Dawn, ano ’to?” tanong niya. “Hindi mo na ako kailangang sunduin!”

“Surprised?”

“Obvious ba?” aniya sa kaibigan, bahagyang natawa.

“Bored kasi ako sa bahay. And when Kuya Dan learned na ngayon ang dating mo, he suggested na sunduin ka namin.” Naglalakad sila patungo sa pickup truck na nakaparada sa labas ng istasyon. Indeed, naghihintay sa tabi niyon si Daniel.

“Hey, you. Welcome home.” Maluwang ang ngiti nito, sabay binukas ang mga bisig para sa kanya.

Tumatawang tumakbo si Belle papasok sa espasyong binigay nito para sa kanya, kesehodang naiwan ang dalang bag sa pagmamadali.

“Salamat, Kuya Dan!” sabi niya nang maghiwalay

silá.

“Masaya ka ba?” nakangiting tanong ng binata.

Tumango si Belle. “It feels good to be home, lalo na kung ganito ang salubong.”

Sinuntok ni Dawn ang braso ng kapatid. “Let’s go. Excited na rin sina Tatay Ben na makita ang kanilang *unica hija*.”

Pagkatapos ng graduation ceremonies ay nauna na ang mga ito na lumuwas dahil sa nabinbing trabaho sa farm. Inayos pa niya ang mga gamit sa dormitory at nilakad ang pagkuha ng Transcript of Records mula sa Registrar’s Office. Buwan pala ang bibilangin bago iyon mai-release kaya True Copy of Grades pa lang ang nakuha ni Belle. Sa wakas ay tapos na siya sa kolehiyo.

“Ang ganda-ganda mo sa graduation pictures. Dalagang-dalaga ka na,” ani Daniel. Tinapik nito ang pisngi niya, pagkatapos ay inakbayan siya.

“Can we leave now?” anang isa pang tinig bago pa nakasagot si Belle. Ganoon na lang ang pagtahip ng kanyang dibdib nang malingunan ang pamilyar na bulo ng katawan ni Dean. Bahagya siyang lumayo mula kay Daniel. Kung bakit, hindi na niya inisip.

“D-Dean. Pasensya ka na sa abala.”

Ito pala ang nagkarga ng kanyang mga gamit papasakay sa pickup. Mukhang gumagawa ito sa farm dahil iyong faded jeans na may punit na sa tuhod ang suot nito, pati farm boots na may putik pa ang apakan. Ang puting t-shirt nito ay may grass stains din. Mas guwapo pa ito ngayon kaysa noong huli niyang nakita. Posible ba iyon?

Ang alam ni Belle ay abogado na ito at nagsimula nang magtrabaho sa korporasyong kinabibilangan ng ama. Hindi nito hilig ang pagsasaka at tumutulong lang sa rancho bilang hobby at exercise kapag bakasyon. Mula nang pumasa ito sa Bar Exams ay bihira na niyang mapagkita sa Calabria. Siya man ay madalang na ring makauwi nitong huling taon niya sa kolehiyo. Pero wala pa ring nagbabago; naroon pa rin ang kakatwang tibok ng kanyang puso kapag nakikita niya ang lalaki.

“May binili rin ako sa hardware para sa kural. Let’s go, brother,” anito kay Daniel nang makasakay na sa tabi ng huli.

Lihim niyang minasdan si Dean. There was something different about him. Mukhang relaxed ito, mas madaling ngumiti. Masayang nagkuwentuhan ang magkakapatid samantalang si Belle ay

nagmamasid lang sa mga nadaraanang tanawin.

“O, ba’t ang tahimik ni Belle? Napagod ka ba sa biyahe?” untag ni Daniel.

“Aayos lang ako, Kuya,” sagot niya. Nang ibaling niya ang paningin sa kanan ay nahagip niya ang side mirror sa tabi ni Dean. She was a little startled to realize that Dean was staring at her! There was something in his look that made her pause. Ano ang iniisip nito? Alanganing ngumiti, alanganing kumunot ang noo nito. Nagpasalamat siya nang makarating na sila sa malaking bahay. Ayon kay Dawn ay may inihanda raw itong merienda at nandoon daw ang mga magulang niya kaya roon muna sila dederecho.

“You’re going to sleep over tonight. Ipinagpaalam na kita kina Tatay Ben,” anunsyo ni Dawn habang bumababa sila.

Iiling-iling na ginulo ni Daniel ang buhok ni Dawn. “Pasensya ka na sa kaibigan mong bossy. Nilamangan pa ang mga magulang mo eh, ’no?”

Ngumiti si Belle. “Marami akong utang dito kay Dawn, eh.” Maraming pagkakataong gusto nitong gumala kasama siya na tinanggihan niya dahil sa pag-aaral. Ipinangako niya rito na babawi pagka-

graduate. Na-miss din naman niya ang kakulitan ng kanyang best friend.

“Yup, at magbabayad ka simula ngayon.” Hinila na siya nito papanhik ng villa. Kinawayan na lamang niya si Daniel na inasikaso ang pagbaba ng kanyang mga gamit mula sa pickup.

Panay ang kuwento ni Dawn tungkol sa mga preparations nito sa kanyang graduation party. Hindi niya ito mapigil na planuhin iyon. Katwiran ng kaibigan, hindi lahat ng guma-graduate ay *cum laude* gaya niya.

Nakapasok na sila sa foyer. Mula roon ay kita niya ang hagdanan paakyat sa second floor ng mansyon. Her eyes caught something that made her stop short. Isang magandang babae ang mahinhing bumababa mula sa staircase. Nakangiti ito sa taong naghihintay sa paanan ng hagdan. Si Dean. Everything seemed to stand still at that time. Ginawaran nito ng isang masuyong halik ang binata. Pagkatapos ay niyakap pa ito ng huli at inikot.

“Dean, let me down!” Pati tili ng babae ay malambing din.

Waring may mga bubuyog sa magkabilang tainga ni Belle. Kumitid ang paningin niya at nagpokus sa

eksenang iyon. A woman, in Dean's arms. Kapwa sila walang pakialam sa paligid. Both had eyes only for each other.

“Oh, that's another surprise,” ani Dawn nang mapansin ang pagtigil niya. “Belle, meet Lindsay. Kuya Dean's fiancée.”

“Fiancée?” halos ay bulong niya, bakas ang kalituhan sa mukha. *Fiancée ni Dean?*

“Hi. You must be Belle. I've heard so much about you,” anang babae na ngayon ay ibinababa na ng nobyo sa lupa. Magkahawak-kamay pa rin ang mga ito.

“They're getting married this June. Can you believe it?” patuloy ni Dawn sa kanyang tabi, walang kamalay-malay sa nararamdaman niyang pagkagimbal.

Tumango si Belle. The sight of them—the woman smiling and lovely beside Dean, who looked proud of her. Isang masayang larawan kung tutuusin, pero bakit sa isang namatayan ang pakiramdam niya? Wala siyang maisip sabihin. Wala siyang marinig dahil ang tunog ng nabibiyak niyang puso ang pumupuno sa kanyang pandinig.

Hindi alam ni Belle kung paano niya pinalipas ang linggo. Nagbabakasyon pala roon ang magnobyong.

Magnobyong. The word stabbed her heart. Noon ay kaya niyang hindi siya pinapansin ni Dean. Somehow, sapat na ang kaalamang nasa malapit ito. Her prom night five years ago remained her most cherished memory dahil iyon ang una at huling pagkakataong nakasama niya ang binata nang matagalan. Pagkatapos kasi noon ay bumalik sa dati ang lahat. If anything, mas lalo itong naging distant sa kanya. Kaya itinuon ni Belle ang pansin sa pag-aaral. Naisip niyang kapag nagkapangalan siya at naging edukada, baka maaaring pansinin na siya ni Dean. Maybe then she would have the right to want someone like him. Dahil sa lumipas na panahon ay walang lalaking pumantay rito sa kanyang pagtingin.

Heto, nakatapos na siya, abot-kamay na ang mga pangarap, pero saka naman ito nakatagpo ng babaeng mamahalin.

“Belle, nariyan na si Dawn,” tawag ng kanyang nanay na pumutol sa mga iniisip niya.

Napatayo siya at sumilip sa bintanang paharap sa kanilang tarangkahan. Naroon nga at nakaparada sa harap ang sasakyang minamaneho ni Daniel. Hindi man lang niya ito naulinigan sa lalim ng iniisip

niya. Muntik pa niyang makalimutan. Pupunta sila ngayon sa talon upang mag-picnic.

Parang walang kapaguran si Dawn. Pangalawang taon na nito sa Medicine at mas hectic ang schedule nito kumpara sa kanya, pero nakukuha pa rin nitong umuwi sa Calabria regularly. Kahapon lang ay sa pier ito nag-aya. Hindi siya sumama dahil alam niyang kasama sa lakad sina Lindsay. Hindi niya matagalang kaharap ito at si Dean. Baka sumabog ang dibdib niya sa sakit. At kilala ni Belle ang sarili; kahit anong pilit niya, lalabas at lalabas ang totoo niyang nararamdaman.

Tinigilan na rin niya ang pagtambay sa gulod, dahil minsan niyang nakita sina Dean at Lindsay na namamasyal sa rancho na magkahawak-kamay. It was torture to watch them.

Ngayon pa nga lang, nasi-sense niyang nagtataka si Dawn sa kanyang inaasal pero sa tuwina ay nakakapag-imbento siya ng dahilan upang huwag itong magduda. Kaso kahapon, sinabi nitong kailangan niyang sumama sa lakad ngayon. Mismong magulang niya ang kinausap ng kaibigan upang ipagpaalam siya. Kapag hindi siya sumama, ang nanay at tatay naman niya ang mag-uusisa.

Belle sighed. Sinulyapan niya ang sarili sa

salamin. Nangangalumata siya dahil ilang gabi na siyang hindi makatulog. Halos di na rin siya kumain. Wala rin siyang ganang mag-ayos.

Pinulot niya ang bag na naglalaman ng tuwalya at pamalit na damit. “Mauna na po ako, ’Nay, ’Tay,” paalam niya sa mga magulang matapos magmano.

“Dalhin mo na ito at nang may pagsaluhan kayo.” Iniabot ng kanyang ina ang basket na naglalaman ng nilagang mais, adobong manok at nilagang itlog.

Bago tuluyang lumabas ay huminga siya nang malalim. *Kaya mo ’to, Belle. Departmental exams nga na makasira-ulo, nalagpasan mo. Sisiw ’to.*

“About time!” Dawn tapped the side of the pickup. Nasa harap ito, sa tabi ni Daniel.

“Morning, Belle. Masyado ba kaming maaga?” untag ng binata.

“Okay lang, Kuya Daniel,” sagot niya habang sumasampa sa backseat.

Habang daan ay sinikap niyang pantayan ang energy ni Dawn. Tumatawa siya sa mga kuwento nito. Nagpasalamat siya nang malamang hindi kasama sina Dean at Lindsay.

“May lagnat raw si Lindsay, eh. Nalamigan siguro

kagabi,” balita ni Daniel. “Kasalanan ni Dawn, ayaw papigil.”

Umingos ang huli. “Ang korni naman n’un kung hindi natin mapapanood ’yung performance ng banda at uuwi kaagad pagkakain.”

“Alam mo nang maselan ang health ni Lindsay,” patuloy na paninisi ni Daniel sa kapatid.

So nagpaiwan si Dean sa bahay upang alagaan ang fiancée na may sakit. Kaya naman pala nitong maging sweet—sa ibang babae.

Napabuntong-hininga si Belle.

“Anything wrong? Mukhang magkakasakit ka rin,” puno ng concern na untag ni Daniel sa kanya.

“Oo nga, you’ve been really quiet lately,” puna ni Dawn.

“Quiet? Kanina pa kaya ako daldal nang daldal,” aniya.

“Yes, but afterwards you go quiet. Akala mo di ko napapansin ’no?” Iiling-iling ang kaibigan. Seryoso ang mukha nito.

“Iniisip ko lang kasi kung ano ang susunod kong gagawin. Magsisimula na ang review para sa CPA

board. Kung maghahanap na ba ako ng trabaho o magte-take muna ng exam.” Totoo namang isa iyon sa mga iniisip niya.

“Mag-focus ka muna sa review,” suhestyon ni Daniel. “Mas maigi kung licensed ka. Nga pala, I already asked Dad. You can come work for us sa *Trident*. Proxy ako ni Dad sa board kaya kailangan ko ring pumunta sa office. Tutal d’un ka na nag-OJT, di ba?”

“S-sige. Pag-iisipan ko, Kuya Daniel. Salamat.”

“Anytime.” Isang masuyong ngiti ang ginawad nito sa kanya.

Muli ay nakaramdam siya ng discomfort sa asal nito. Likas na rito ang pagkamalambing at maalalahanin. Nagpapasalamat si Belle sa malasakit nito sa kanya, pero higit ang pakiramdam na may ginagawa siyang masama sa pagtanggap ng tulong nito gayong alam niya sa kaibuturan ng puso na wala siyang maibibigay rito kundi damdaming-kapatid. She had never seen him past a ‘Kuya’.

Makaraan ang kalahating oras ay huminto sila sa isang gasolinahan upang magkarga ng gasolina. Nag-iinat siya sa gilid ng sasakyan nang magulat siya kay Dawn.

“Oh no!” bulalas nito.

“Dawn? Bakit?” Tumakbo siya sa kinaroroonan nito, sa flatbed ng *Frontier*.

“We forgot our food and supplies! Beach umbrellas at mga tuwalya lang ang nandito. Ni isang bote ng tubig wala!” horrified na balita ng kaibigan habang hinahalungkat ang mga kagamitan sa likod.

“Ano? Paano nangyari 'yun?”

“It’s my fault. Nagmamadali kasi ako kanina. And I knew Kuya Dan was still groggy from all the beer we drank last night. Pareho naming nakalimutan.”

Nag-isip si Belle. “Okay lang 'yan. May dala akong pagkain. Kasya naman siguro iyon sa atin.”

“Talaga? Ano ba'ng pinadala ni Nanay Fely?” Bago pa siya nakasagot ay binuksan na ni Dawn ang takip ng basket niya. “Hmm, this is good. Kaya lang walang kanin. May mabibilhan kaya malapit sa talon?”

Papalapit si Daniel na may kausap sa cellphone nito. Kumaway ito sa kanila. Nang makalapit, si Belle ang kinausap nito.

“I know. Tumawag sa akin si Mama. Naiwan nga namin ang cooler at basket ng pagkain. I didn't

bring any money, cards lang for gas and incidentals dahil pagkakaalam ko, we got everything we needed for the picnic. Inutusan na ni Mama si Kuya Gerry para ihatid ang pagkain sa atin. He'll be here in half an hour, so tiis muna tayo. I hope nag-breakfast ka, Belle. Dahil ako, hindi.”

“Okay, it’s my fault,” sambit ni Dawn na bumaba na mula sa likod ng truck. “Pero may dalang food si Belle kaya huwag ka nang magreklamo riyang.”

May naisip siya. “Sasalubungin ko na lang si Kuya Gerry. Para ako na ang magdala ng pagkain natin sa falls.”

“What? No,” mabilis na tanggi ni Daniel.

“Papunta naman na siya, di ba?” Si Dawn.

“Nakakahiya kasi kung magdodoble pa tayo ng gastos sa gasolina. Mas mabilis at mas matipid kung ako na lang ang kukuha. Marami namang pampasaherong bus.”

“Hayaan mo na si Kuya Gerry, Belle,” ani Daniel. “Di kita hahayaang mag-commute mag-isa.”

“Pero kaya n’yo nga inagahan, di ba, para maabutan na wala pang masyadong tao? So you go ahead, pumili kayo ng magandang puwesto at

susunod ako. Wala pang isang oras nandoon na ako.”

Nagkatinginan ang magkapatid. “Samahan na kita,” prisinta ni Dawn.

“No,” mariing tanggi ni Belle. “Hindi safe sa ‘yo ang mag-commute. Ako sanay ako. At hindi ako papansinin ng mga tao.”

Her friend rolled her eyes. “I’m not a helpless princess, you know.”

“Kahit na.”

“Pero ikaw, Belle, magiging safe ka ba?” Si Daniel.

“Oo. May cellphone naman ako rito. At sanay ako, di ba?” patuloy niyang pangungumbinsi sa mga ito. Mapilit siya kaya napapayag niya ang mga ito.

Ang totoo ay nais lang niyang lumayo muna kay Daniel kahit ilang oras lang. She wanted to be alone with her thoughts. Sa isang motorists’ stop niya inantay ang itim na *Ford Ranger* na dala diumano ng head rancher ng mga Guevarra. Just then, tumunog ang kanyang cellphone. Isang di kilalang-numero ang tumatawag. Sinagot niya iyon.

“Hello? Kuya Gerry?” aniya sa telepono.

“Belle? Nasaan ka?” anang pamilyar na tinig sa kabilang linya.

Her heart did a little flip. “Dean?” Nakakapagtakang may ganoon pa ring epekto sa kanya kahit ang boses lang nito sa telepono.

“Malapit na ako sa *Thalia’s*. S’abi ni Kuya nariyan ka.”

Iyon ang pangalan ng roadside stop na pinag-aantayan niya. Nai-text niya kay Daniel na doon siya maghihintay. “Oo. Si Kuya Gerry?”

“Kailangan siya sa rancho. Ako na ang magdadala ng pagkain n’yo. I’m about ten minutes away. Huwag kang aalis riyan.” Nawala na ito sa linya.

Napatitig siya sa telepono. Umiwas siya kay Daniel, pero heto at makakasama niya ang isa pang mas dapat niyang pakaiwasan! Paano kung kasama nito si Lindsay?

Naiinis si Belle sa sarili. Sana ay hindi na lang niya ginawa ito.

Wala pang sampung minuto ay namataan niyang papaliko sa parking space ng *Thalia’s* ang itim na sasakyan. Tumayo siya mula sa kinauupuan. Hindi pa rin niya mapigilang ma-excite. The last time he

saw Dean ay noong sinundo siya sa bus station.

Bumukas ang pinto sa driver's side at umibis ang binata. Light gray t-shirt at faded jeans ang suot nito, boots naman sa paa. He was wearing a pair of aviator shades. Kumaway ito nang makita siya at sumenyas na hintayin ito. Tumango si Belle at muling naupo. May tsinek ito sa likod ng *Ranger* bago umakyat sa balkonahe ng *Thalia's*. Hinubad ng binata ang shades na suot.

Belle was struck again at how easily he looked gorgeous kahit sa anumang pagkakataon. Kahit simpleng pambahay lang ang suot, lumalabas at lumalabas pa rin ang taglay nitong masculinity, ang kaguwapuhang hindi maaaring hindi mapansin.

“Kanina ka pa ba?” tanong nito nang makalapit.

“H-hindi. Ako na ang magdadala ng mga pagkain namin.” The faster she could get out of his presence, the better.

“Yeah. Wait here,” anito at pumasok sa loob. Nakita niyang hinanap nito ang palikuran.

Saka niya napansin ang muling pag-ring ng telepono. It was Daniel. “Belle, nariyan na ba si Dean? Siya daw ang magdadala ng pagkain,” agad na sabi nito nang sumagot siya.

“Oo, Kuya Dan. Papunta na rin ako diyan in a minute.”

“O sige. Mag-ingat ka, ha? Get Dean to give you money para may pamasaha ka.”

“Meron naman akong dala.”

“Kahit na, just in case. Iti-text ko na din siya to give you money. Malapit na kami sa falls. Take care, okay?” Bakas ang concern sa boses nito. Kung naiba lang siyang babae, nahulog na siya sa isang tulad nito. Pero nauutusan ba ang damdamin?

“Okay, Kuya Dan. Ingat din kayo.” Matapos magpaalam ay ibinulsa niya muli ang telepono.

Nakalapit na pala si Dean nang di niya namamalayan. Nakatingin ito sa kanya. “Was that Kuya?” tanong nito.

Tumango siya. “Tinatanong lang kung nakarating ka na.”

“He’s worse than Mama. Kanina pa tawag nang tawag sa akin kung nasaan na ako. Ang daming bilin. Parang hindi siya tiwala na kaya kitang alagaan tulad niya.”

Napatingin siya rito. “Nag-aalala lang si Kuya Daniel.”

“You still call him ‘Kuya’?” May bahagyang ngiting sumilay sa labi ni Dean. It made him look even more gorgeous.

“Oo. Ano’ng masama roon? Mas matanda siya sa akin.” Defensive na siya.

“Limang taon ang tanda ko sa ‘yo, but you never called me ‘Kuya’.”

Wala siyang maisip na sabihin tungkol doon.

“Halika na. Baka mag-tantrum na si Dawn sa gutom.” Nagpatiuna na ito sa pagbaba ng hagdan patungo sa pickup. “Ihahatid na kita hanggang sa talon.”

Tumigil si Belle sa akmang pagsunod. “Ha? Hindi. Kaya ko na ang mga iyan. Madali lang namang mag-commute papunta roon.”

Nilingon siya ng binata. “We’re talking about two baskets of food and a large cooler. Paano mo madadalang mag-isa ang mga iyan nang nagko-commute?”

Napatingin ang dalaga sa mga gamit na tinutukoy nito. “Kaya ko ‘yan,” ulit niya. Hindi naman niya iyon bibitbitin buong biyahe.

Umiling ang lalaki. “Ang kulit mo ‘no? There’s

no way I'm letting you do that. Baka ako pa ang sisihin ni Kuya kapag nakita niyang nahihirapan ka." Naroon na naman muli ang makahulugang pasaring ni Dean.

"Hindi mo iyon kailangang gawin. Walang kinalaman si Kuya Dan sa akin." Pakiramdam ng dalaga, kailangan niyang pasubalian ang iniisip nito, anuman iyon.

Napatingin si Dean sa kanya. "Really?"

"Nagmamalasakit lang siya. Pero kaya ko 'to. Sanay ako."

"Well, I don't care either way but this conversation is over. Get in. Or bubuhatin kita papasok ng sasakyan."

Nakipagsukatan siya ng tingin sa binata. Siya rin ang unang sumuko. Base sa tono ng lalaki, walang dudang kaya nitong gawin ang banta.

Nang makasakay ay saka pa lang siya nakaalalang magtanong. "Paano si Lindsay? Di ba, may sakit siya?"

"She's fine. Nagpapahinga lang," matipid na tugon nito habang minamaniobra ang sasakyan palabas ng parking lot at pabalik ng highway.

Sa kabuuan ng biyahe ay tahimik sila pareho. Ni walang tugtog. And Belle was extremely uncomfortable.

“Relax, will you? Hindi kita gagawan nang masama.” Napakislot siya sa upuan nang bigla itong nagsalita. Sa pagtataka ni Belle ay natawa ito.

“You are so jumpy. Bakit ba lagi kang takot sa akin? I am cooler than Kuya Dan, you know.”

“H-hindi ako takot...” Ipinasya niyang maging tapat dito. “Suplado ka kasi.”

Napatingin ito sa kanya. “Ako, suplado?” Itinuro ni Dean ang sarili, pagkatapos ay umiiling na ibinalik ang paningin sa daan. “I am the most charming of the Guevarras, para sabihin ko sa ’yo. But I guess it doesn’t matter anymore.”

Ang huling sinabi nito ang nakapagpakunot-noo kay Belle. Dahil ba kay Lindsay? Bakit naman nito iisipin iyon?

“So, ngayong tapos ka na sa pag-aaral, any plans?” Ito muli ang bumasag sa katahimikan.

“Inalok ako ni Kuya Dan na pansamantalang magtrabaho para sa inyo.” Nagtataka man ay sinagot niya ang tanong ng lalaki. She had never known

Dean to care about her affairs. Ngayon lang.

Tumango ito. “That’s a good idea. Would you like to be in my department?”

Muli niyang sinulyapan ang profile ng katabi. Seryoso ito sa pagtatanong, naka-concentrate sa pagmamaneho. He gave the same passion and intensity in everything he’d do, kahit sa pinakasimpleng gawain. Nais niyang haplusin paalis ang mga gatla nito sa noo. Oh, how she wanted to tell him... Tell him what?

Itinutok niya ang tingin sa harap. Ikakasal na si Dean. Sa isang babaeng mahal nito. Ano pa ang magagawa niya? Masamang ideya ang ilapit pa ang sarili rito gayong pag-aari na ito ng iba. Pasasakitan lang ni Belle ang sarili.

“Stupid question. Siyempre mas gusto mong kay Kuya magtrabaho,” anito nang hindi siya magsalita.

Gusto niya itong kontrahin, pero bakit pa? Wala naman itong pakialam doon. Hindi na rin niya tatanggapin ang alok ni Daniel. Kailangang lumayo siya sa magkapatid na Guevarra sa ikapapayapa na rin ng kanyang loob—one she couldn’t love, the other she couldn’t have.

Nanatili siyang tahimik, itinutok ang paningin

sa labas ng bintana. Hindi namalayan ni Belle ang muling pagsulyap sa kanya ni Dean, ang tanong na namumuo sa mga labi nito.

Lampas alas onse na nang makarating sila. Ipinarada ng binata ang sasakyan sa shoulder ng dirt road, malapit sa path na pababa sa talon. Mangilan-ngilan lang ang sasakyang nakita nilang nakaparada sa gilid ng daan. Tanya ni Belle ay nagpi-picnic din ang mga ito.

Sinimulan niyang buksan ang pinto ng *Ranger*. Pinigilan siya ni Dean. “Wait, malalim ang lubak sa side mo. Wait for me.” Hinubad nito ang seatbelt at kagyat na bumaba, umikot sa side niya.

“Medyo maputik at madulas ang daan dahil siguro sa ulan,” anito at inilahad ang isa nitong palad upang kapitan niya. Nakita nito ang kanyang pag-aalinlangan. “Come on, I’m just going to help you down the car.”

Atubili niyang binigay rito ang kamay. Sinakop ng malapad nitong kamay ang mas maliit niyang palad. His hand felt warm, capable, strong. Kumakabog ang dibdib ni Belle habang kumikilos pababa. Muntik na niyang matapakan ang binata kaya sinubukan niyang iiwas ang paa. Mali ang kanyang kalkulasyon. She completely lost her balance and fell forward. Dahil

hindi handa ay napatimbuwang si Dean at sumadsad sa damuhan kasama siya.

“Ouch,” daing ng lalaki. Napangiwi ito habang dinadaganan niya. Nakakubabaw siya rito sa gilid ng daan.

“Sorry!” bulalas ng dalaga at natahimik.

Hindi na kasi ito nakangiwi at nakatitig na lang sa kanya. She stared back. Mga huni ng ibon at lagaslas ng talon sa di-kalayuan ang maririnig sa paligid, ang kanilang paghinga at ang pintig ng puso ni Dean na dama niya sa ilalim ng manipis na materyal ng t-shirt nito. His warm breath was on her face. Ramdam niya ang pagbilis ng pintig ng puso nito sa ilalim ng kanyang palad.

Tumingala siya. Kapareho rin ba niya itong natuturette sa paglalapit nila? Mistula siyang namatanda. A spell that made her want to be held closer.

Dean stared down at her. Ibinaba ni Belle ang mga mata, takot sa maaaring makita roon ng binata. Pero bakit hindi siya kumikilos palayo?

“Belle,” he breathed. It was different than the other times when he had called her name. It sounded like a prayer, a question.

Sinalubong niyang muli ang mga mata ng binata. Bumuka ang bibig niya upang magsalita, pero wala siyang maisip na sabihin kaya muli niya iyong isinara.

Pero siguro may nakita itong kung ano sa kanyang mga mata dahil umalis ang kamay nito sa baywang niya at buong suyong inilapat sa kanyang pisngi. The simple touch was enough to melt her resolve. Napapikit si Belle at humilig sa palad nito. Naramdaman na lang niya ang labi ni Dean sa kanyang sentido.

“What are you doing to me?” His voice was so low that she wasn’t sure if he really had said the words. Dumilat siya at tinitigan ito. His nearness and his touch made her forget everything. Ayaw niyang lumayo rito. She had always dreamed of this. Ngayon niya napagtanto na walang panaginip ang makakapantay sa reyalidad.

Nangusap ang kanyang mga mata. Hindi niya gustong magsalita. Ano ba ang silbi ng mga kataga? Walang maidudulot ang mga paliwanag at tanong. All she wanted was for him to see how much she longed to belong to him. And he must have understood, because his head dipped lower.

Ipinikit ni Belle ang mga mata, handang

tanggapin ang anumang iaalay nito. She needed to feel him close, as close to her heart as she could get. And his lips, when it closed on her mouth, gave her a feeling that she would never forget. Kahit ito na ang huling pagkakataong mangyayari iyon, ipagpapasalamat niya pa rin na naranasan. She kissed him back with all the yearning and love she had bottled up for years.

Hinapit siya nito sa baywang at pumaimbabaw sa kanya. Waring nais din nito ang gusto niya—ang mapaglapit pa ang kanilang mga katawan. Her hands climbed up to the sides of his face. They were kissing as if they were the first man and woman ever to kiss. And Belle gave herself entirely to the moment. Walang pag-iisip sa anumang resulta ng nagawa. All she could think of was how she was born to be in Dean's arms.

Langitngit ng mga naaapakang sanga sa daan ang pumukaw sa kanyang kamalayan. Kagyat siyang humiwalay sa binata, hinahabol ang paghinga. Napatingin din si Dean sa direksyon ng gubat. Mayamaya pa ay narinig nila ang mga boses nina Dawn at Daniel. Dean looked at Belle, waring may gustong sabihin. Pero walang-salitang bumangon ito at inalalayan siya patayo. Pagkatapos ay lumibot ito upang kunin ang mga gamit sa likod. Belle took

a deep breath to steady her rioting senses.

“You’re here! Wow, you made good time!” tuwang bati ni Dawn nang lumabas ito mula sa matataas na damo. Kasunod nito ang kapatid.

“Kumusta’ng biyahe? Hindi ka naman ba natakot? Speed demon ’yang si Dean, eh.” Si Daniel.

“Well, I brought her here in one piece, didn’t I?” ani Dean na bitbit na ang cooler at isang basket. “Get the other one, Brother. Dawn, lead the way.” Nagpatiuna na ito sa pagbaba patungo sa talon, ni hindi lumingon.

Nakataas ang kilay ni Dawn sa papalayong kapatid. “Why’s he acting so bossy?”